OF FIRST IMPORTANCE

# Ang Kamatayan ni Cristo

WEEK 1

## WARM-UP

- Ilarawan ang isang mahalagang kaganapan na nakita o naranasan mo kamakailan lang. Ibahagi kung ano ang mga naisip mo tungkol sa mga nangyari.
- May panahon ba sa buhay mo na nangyari ang isang bagay na hinihintay mong mangyari? Magkwento tungkol dito.
- Naranasan mo na ba ang hindi mapagalitan sa kabila ng isang pagkakamaling nagawa mo? Ano ang naramdaman mo dahil dito?

## WORD

*Sapagkat ibinigay ko sa inyo ang pinakamahalagang aral na ibinigay sa akin: Na si Cristo'y namatay upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, ayon sa Kasulatan.*
**1 CORINTO 15:3**

(Basahin din ang **1 CORINTO 15:1–2, 4–8.**)

Ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo ay isang kuwento ng pagmamahal at pag-asa na bahagi ng plano ng Diyos—mula pa sa simula. Ang mensahe ng ebanghelyo ay hindi isang bagay na naisip lamang sa huli. Ang ibig sabihin nito ay hindi tayo naisip na lamang ng Diyos sa huli. Ang pagkaalam at pagpapahalaga sa kung paano tayo niligtas ng Diyos ay hindi lamang nagpapalakas ng ating loob upang lumapit tayo sa Kanya nang walang takot o kahihiyan. Ipinapaalala din nito sa atin na mayroon tayong patotoo na dapat ibahagi at mensahe na dapat ipahayag. Sa araw na ito, titingnan natin kung paano tayo tinubos ng kamatayan at sakripisyo ni Cristo na nagbigay sa atin ng pagkakataong ipahayag ang mensahe na ibinigay sa atin ng Diyos.

## 1 Namatay si Cristo.

*Sapagkat ibinigay ko sa inyo ang pinakamahalagang aral na ibinigay sa akin: Na si Cristo'y namatay upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, ayon sa Kasulatan.* **1 CORINTO 15:3**

Ang kamatayan ni Cristo, bagama't brutal at masakit, ay isang pagpapakita ng pagmamahal na nasaksihan ng maraming tao. Ang sakripisyo Niya ay hindi kathang-isip lang. Isa itong kaganapan sa kasaysayan. Si Jesus ay naparito sa mundo bilang isang tao—walang kasalanan ngunit dumanas ng hindi makatarungang pagdurusa sa krus. Kung wala ang Kanyang kamatayan, imposibleng matubos tayo. Ano ang ibig sabihin para sa iyo ng kamatayan ni Cristo? Ano ang sinasabi sa Lucas 23:48 tungkol sa grupo ng maraming tao na nakasaksi sa kamatayan ni Jesus?

## 2 Namatay si Cristo para sa mga kasalanan natin.

*Sapagkat ibinigay ko sa inyo ang pinakamahalagang aral na ibinigay sa akin: Na si Cristo'y namatay upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, ayon sa Kasulatan.* **1 CORINTO 15:3**

(Basahin din ang **1 PEDRO 3:18.**)

Nang mamatay si Jesus, higit pa sa pagdurusa at pasakit ang nangyari. May ginawa para sa atin ang kamatayan Niya sa krus. Sinabi sa Isaias 53:5 na *sinugatan siya dahil sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa ating kasamaan*. Sa krus, binigyan Niya ng kalutasan ang ating mga kabiguan at kahihiyan. Siya ang naging pamalit para sa atin at tiniis Niya ang kamatayan na nararapat para sa atin upang mapalaya tayo sa ating mga kasalanan—maging ang mga kasalanan na tila napakalaki para mapatawad o masyadong masakit para mapagtagumpayan. Paano binago ng pagmamahal na ipinakita ni Jesus sa krus ang paraan ng pagtingin mo sa iyong sarili at sa iba? Ano ang sinasabi sa 1 Pedro 2:24 tungkol sa kung paano tayo dapat mamuhay bilang pagsasaalang-alang sa sakripisyo ni Jesus?

## 3 Namatay si Cristo para sa mga kasalanan natin ayon sa Kasulatan.

*Sapagkat ibinigay ko sa inyo ang pinakamahalagang aral na ibinigay sa akin: Na si Cristo'y namatay upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, ayon sa Kasulatan.* **1 CORINTO 15:3**

Ang layunin ng kamatayan ni Jesus ay umuugong hindi lamang sa Bagong Tipan kundi maging sa Lumang Tipan. Sa pamamagitan ng propetang si Isaias, ipinangako ng Diyos ang pagpapadala ng Tagapagligtas na aako ng ating mga kasalanan at magdurusa kapalit natin (Isaias 53:4). Matapos ang ilang daang taon, dumating si Jesus at tiniis ang pinakamasakit na uri ng kamatayan—bilang ganap na pagsunod sa Diyos—upang matanggap natin ang pinakamahalagang handog o regalo. Tulad ng pagtupad ng Diyos sa Kanyang planong pagtubos sa pamamagitan ng kamatayan at sakripisyo ng Kanyang Anak na si Jesus, makatitiyak tayo na kukumpletuhin din Niya ang sinimulan Niyang gawin sa ating buhay, at pati na ang Kanyang mga plano at layunin para sa atin. Sa palagay mo bakit nangyari ang kamatayan ni Jesus sa ganoong panahon? Paano ito nakatutulong upang mas higit pa nating mapahalagahan ang ebanghelyo?

## APPLICATION

- Paano ka binago ng pagkaunawa mo tungkol sa kamatayan at pagdurusa ni Cristo? Ano ang magagawa mo upang ipaalam sa iba kung gaano kalalim ang pagmamahal sa atin ng Diyos?
- Maglaan ng panahon upang pag-isipan kung gaano tayo pinatawad ng Diyos. Paano mo maipapakita ang kapatawaran sa isang taong nanakit sa iyo dati?
- Kanino mo maibabahagi ang mensaheng ito ng kaligtasan ngayong linggo? Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahang sundin ang ipinapagawa Niya sa iyo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mensahe ng ebanghelyo. Purihin Siya sa pagbibigay sa atin ng pagkakataong matanggap at maibahagi ang Kanyang pagmamahal at biyaya sa iba.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng biyaya upang makalaya ka mula sa mga nakaraan mong pagkakasala at kahihiyan. Ipanalangin na lagi mong pipiliin ang kapatawaran at hindi ang poot at sama ng loob.
- Hangarin na makilala mo ang Diyos habang nagmiministeryo ka sa iba at inaakay mo sila patungo sa Kanya. Isuko ang lahat ng aspeto ng buhay mo sa Kanya habang namumuhay ka nang sinusunod ang Kanyang kalooban.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Charlene Cruz

victory.org.ph